Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-SAMPUNG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG DISYEMBRE 2, 2019 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO: WALA**

x-----------------------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 19-12-241

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA NAMAYAPANG TOMAS M. SANTILLAN, DATING MIYEMBRO NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO AT DATING PUNONG BARANGAY NG BARANGAY SAN JUAN, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

"**SAPAGKAT,** noong ika-26 ng Nobyembre, taong kasalukuyan, si G. Tomas M. Santillan, dating Punong Barangay ng San Juan at dating miyembro ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao ay sumakabilang buhay sa edad na 77 taong gulang dahil sa malubhang sakit

"**SAPAGKAT,** si Kapitan Tomas M. Santillan ay nagtataglay ng iba't-ibang positibong katangian tulad ng pagiging magaling sa pamiminuno, sensitibo at balanse sa mga pangangailangan ng kapwa, at aktibo sa mga programang ipinapatupad sa lipunan na siyang kanyang motibasyon upang pumasok sa larangan ng serbisyo publiko;

"**SAPAGKAT,** si Kapitan Tomas M. Santillan ay nagsilbi sa Barangay San Juan bilang kagawad ng limang (5) taon at naging kapitan ng barangay ng labing-isang taon (11) kung saan siya ay nanguna sa pagtataguyod ng mga proyektong pangkaunlaran na nagdulot ng katahimikan at kaginhawahan sa kanyang mga kabarangay;

"**SAPAGKAT,** si Konsehal Tomas M. Santillan ay nagsilbi bilang miyembro ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao sa loob ng tatlong (3) taon at naging Tserman ng Lupon ng Pagawaing Pambayan at sa kanyang panunungkulan ay sinikap niyang maisagawa ang mga proyektong pinakinabangan ng mamamayan, mga programang pangkabuhayan tungo sa kaunlaran at kasaganaan ng bawat tao;

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT,** ang matibay at payak na pamilya ni Kapitan Santillan ay nabiyayaan ng limang (5) anak na sa pamamagitan ng sama-samang pagsisikap ay nakapagtapos ng pag-aaral at ang ilan sa kanila ay masayang namumuhay kapiling ang kani-kanilang pamilya at ang iba ay masayang naghahanap-buhay sa mga napiling propesyon;

**"SAPAGKAT,** ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kawalan sa kanyang pamilya, kamag-anak at mga kaibigan na nagdulot ng masidhing kalungkutan at pighati subalit, kaligayahan na rin at tagumpay para sa isang mabuting tao ang kaisipang siya ay kupkop na ng Mapagpalang Kamay ng Poong Maykapal; **KUNG KAYAT DAHIL DITO . . .**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa namayapang Tomas M. Santillan, dating miyembro ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao at dating Punong Barangay ng Barangay San Juan, Bulalacao, Oriental Mindoro;

**SA MUNGKAHI** ng lahat ng mga konsehales na dumalo, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY"**: Disyembre 2, 2019 Bulalacao, Oriental Mindoro.

x-------------------------------------------------------------------------x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
SB Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
SB Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
SB Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG.TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
12/12/2019

Scanned with CamScanner